# MGA MALING AKALA TUNGKOL SA PAGGAMIT NG CONDOM

# PARA SAAN ANG CONDOM?

PARA SAAN ANG CONDOM?
PARA SAAN ANG CONDOM?
PARA SAAN ANG CONDOM?
PARA SAAN ANG CONDOM?
PARA SAAN ANG CONDOM?

**Madaming maling pag-unawa tungkol sa condom at sa paggamit nito.** Ito ang ilan sa mga misconception.

# MALING PAG-UNAWA #1:

# NABABAWASAN ANG PAKIRAMDAM O SENSATION SA SEX PAG MAY SUOT NA CONDOM.

## TAMANG PAG-UNAWA:

**Mas mabuti sa pakiramdam kapag tiyak ka na ikaw at ang iyong partner ay ligtas dahil sa paggamit ng condom.** Madaming sakit at impeksyon ang naaagapan ng condom. Mas masama sa pakiramdam ang mahawa o makahawa ng sakit. Meron namang mga lubricant at iba't-ibang klase ng condom na pwedeng subukan upang mas maging komportable ang paggamit nito.

## MALING PAG-UNAWA #2:
## MAS MAGANDA KUNG DOBLE ANG CONDOM NA ISUSUOT, PARA MAS PROTEKTADO.

### TAMANG PAG-UNAWA:

**Kapag dalawang condom ang sinuot, magkikiskisan ito at maaaring mapunit ang isa o parehas na condom. Isa lang dapat ang condom na isusuot.** Pero kung gusto mo, mabuti na rin na may back-up na condom sa tabi, para pwedeng ulitin kung mali ang pagkakalagay, palitan, o kaya maglagay ulit kung magsesex ulit.

## MALING PAG-UNAWA #3:

## ANG CONDOM AY PARA LANG SA MGA MAHAHAROT, MALALANDI, O MARAMING SEX PARTNERS.

### TAMANG PAG-UNAWA:

**Ang condom ay para sa lahat na gustong maging kampante sa kanilang kaligtasan at kalusugan, at gustong alagaan at respetuhin ang partner at sarili.** Kahit ang mga long-term partner ay ina-advise na magcondom.

## MALING PAG-UNAWA #4:

# ANG CONDOM AY GINAGAMIT LANG SA UNANG BESES NG PAKIKIPAG-SEX SA ISANG TAO. KAPAG PANGALAWANG BESES NA, HINDI NA KAILANGAN MAG-CONDOM.

## TAMANG PAG-UNAWA:

**Ang condom ay para sa lahat ng beses na ikaw ay makikipag-sex kahit na ang isang tao ay naging partner mo na dati.** Sa bawat instance ng sex, may risk ng impeksyon o pagkakasakit, at naaagapan ito ng paggamit ng condom. Mahalaga ang iyong kalusugan at pagiging kampante, kaya laging gumamit ng condom. Ok lang rin na gumamit ng condom kahit na may pagtitiwala ka sa iyong partner.

## MALING PAG-UNAWA #5:

# KAPAG ALLERGIC KA SA LATEX AY HINDI KA NA PWEDENG GUMAMIT NG CONDOM.

### TAMANG PAG-UNAWA:

Madalas na gawa sa latex ang condom. **Ngunit may ibang mga condom din na gawa sa ibang materyales tulad ng polyisoprene, na maaaring gamitin ng mga taong allergic sa latex.**

## MALING PAG-UNAWA #6:
## MAHAL ANG CONDOM.

### TAMANG PAG-UNAWA:

**Ang isang box ng condom na naglalaman ng tatlong piraso ay naghahalaga ng 25 hanggang 170 pesos.** May mga libreng condom rin na maaaring makuha sa health facilities sa iyong lugar. Ito ay mura na kumpara sa mga consequences o panganib na naaagapan nito.

## MALING PAG-UNAWA #7:

# HINDI EPEKTIBO ANG CONDOM SA PAGPIGIL NG PREGNANCY.

### TAMANG PAG-UNAWA:

Kapag ginamit ng wasto at ayon sa tamang instructions, **87% hanggang 98% ang effectiveness ng condom sa pagpigil ng pregnancy.**

# MALING PAG-UNAWA #8:
# HINDI EPEKTIBO ANG CONDOM SA PAGPIGIL NG PAGKALAT NG STI.

## TAMANG PAG-UNAWA:

Sa tamang paggamit ng condoms, **85% hanggang 90% ang effectiveness ng condoms sa pagpigil ng pagkalat ng mga STI.**

## MALING PAG-UNAWA #9:

# NAKAKAWALA SA MOOD PAG NAGLAGAY NG CONDOM.

### TAMANG PAG-UNAWA:

**Kasama ang paglagay ng condom sa proseso ng safe at ma-respetong sexual encounter.** Kung gusto natin maging kampante, mas mabuting gumamit ng condom.

## MALING PAG-UNAWA #10:

# BAKA ISIPIN NG PARTNER KO NA HINDI KO SIYA PINAGKAKATIWALAAN O MAHAL KAPAG GUMAMIT KAMI NG CONDOM.

### TAMANG PAG-UNAWA:

Okay lang na magtiwala sa partner at gumamit pa rin ng condom. **Ang pagmamahal ay may respeto at pag-iingat, kaya gumagamit pa rin ng condom lalo na sa mga taong mahal mo. Baka nahihiya lang mauna ang partner na banggitin ang paggamit ng condom, kaya ikaw na ang maunang magsabi.**

# PARA SAAN ANG CONDOM?

PARA SAAN ANG CONDOM?
PARA SAAN ANG CONDOM?
PARA SAAN ANG CONDOM?
PARA SAAN ANG CONDOM?
PARA SAAN ANG CONDOM?

Kung iisipin, **walang lubos na negatibo sa paggamit ng condom. Marami lang mga tanong o maling pag-unawa tungkol dito.** Ang condom ay isang simple at praktikal na paraan upang panatilihing ligtas at malusog ang sarili at ang partner.

# THE RAINBOW FUND PROJECT

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

MATATAG
Bansang Makabata Batang Makabansa

REPUBLIC OF THE PHILIPPINES DEPARTMENT OF HEALTH

Healthy Pilipinas

USAID
FROM THE AMERICAN PEOPLE

URC

PSYCHOLOGICAL ASSOCIATION OF THE PHILIPPINES 1962

UNIVERSITY GENDER HUB